**Mag-apply sa Environmental Justice Fund (Pondo ng Katarungan para sa Kapaligiran) ng Seattle**

Kailangan ang lahat upang makamit ang mga layunin ng Seattle sa klima. Ito ang dahilan kung bakit ang Office of Sustainability & Environment (OSE) (Opisina ng Pagpapanatili & Kapaligiran) ng Seattle ay nagagalak na ipahayag na ang aplikasyon para sa Environmental Justice (EJ) (Pondo para sa Katarungan para sa Kapaligiran) sa 2026 ay **bukas na!** Ang mga pamumuhunan tulad ng Environmental Justice Fund ay bahagi ng stratehiya ng Seattle upang suportahan ang mga solusyon mula sa mga pangkariniwang tao at komunidad- na nagpapabilis sa pagkilos para sa klima

Naghahanap ang EJ Fund ng mga proyektong naaayon sa isa sa apat nitong prayoridad sa pagpopondo: 1) pagpapaunlad ng pamumuno ng mga komunidad na unang tinamaan at pinakamalalang naapektuhan ng pagbabago ng klima, 2) pagsuporta sa mga solusyong pinamumunuan ng komunidad para sa klima o kapaligiran, 3) mga pagsasanay at pagkakalantad sa mga karera pang-klima at 4) pagbuo ng katatagan upang protektahan ang kalusugan at kapakanan ng komunidad.

Namumuhunan ang EJ Fund sa mga proyektong pinamumunuan o Black, Indigenous, People of Color (BIPOC), mga imigrante, mga refugee, kabataan, matatanda, at mga residenteng may mababang kita. Bibigyan ng prayoridad ang mga proyekto na nagsisilbi sa mga sumusunod na kapitbahayan: Beacon Hill, Bitter Lake, Central Area, Chinatown-International District, Delridge, Georgetown, Haller Lake, Lake City, Mount Baker, Othello, Rainier Beach, at South Park.

Ang mga tribo at mga organisasyong pantribo, mga nonprofit na organisasyon, at mga grupo ng komunidad at kapitbahayan ay kwalipikado para sa pagpopondo. Ang mga kwalipikadong aktibidad ay kinabibilangan ng:

- Mga solusyon sa katatagan at pagkakalapat sa klima
- Pagpaplano at pangitain ng komunidad
- Pagpapanatili ng kaalamang kultura at/o edukasyon
- Mga sining o pagkukuwentong nakatuon sa kapaligiran o klima
- Edukasyon, pag-aabot, at/o pakikipag-ugnayan tungkol sa kapaligiran o klima
- Mga programa ng pagkakalantad para sa karerang pang-klima
- Pagbubuo ng kapasidad ng organisasyon at komunidad

Para sa taong ito, ang mga proyekto ay maaaring tumagal ng 22 buwan at kailangang magsimula sa Pebrero 2027 at magtapos Nobyembre 2028. Mayroong **dalawang opsyon sa pagpopondo na magagamit**:

- Ika-1 Opsyon: nag-aalok ng mga gawad mula $60,000 hanggang $80,000
- Ika-2 Opsyon: nag-aalok ng mga gawad mula $80,001 hanggang $120,000

**Paano ako mag-a-apply?**
Ika-1 Hakbang: tingnan kung kayo ay kwalipikado na mag-apply bago 5PM ng Hulyo 14

- **MAHALAGA** Ito ay **kinakailangang** hakbang upang maisumite ang inyong buong aplikasyon.
- Kapag natapos na ninyo ang hakbang na ito,*kung bago kayo sa pag-aaply para sa mga gawad*, kayo ay bibigyan ng isang consultant na tutulong sa inyo sa pagbuo ng inyong aplikasyon.

Ika-2 Hakbang: isumite ang inyong nabuong aplikasyon

**Makipag-ugnayan sa amin!**
Hinihikayat namin kayo na gawin ang isa sa mga sumusunod na mga hakbang kung kayo ay interesadong matuto ng higit pa tungkol sa Pondo na ito, pagtatalakay ng isang ideya para sa proyekto, o pagsusumite ng isang panukala:

1. Dumalo sa isang virtual na sesyon ng impormasyon:
    a. Miyerkules, Hunyo 10, 2026, mula 6 - 7:15pm.
        i. Magrehistro dito
    b. Martes, Hunyo 30, 2026, mula 12 hanggang 1:15 pm.
        i. Magrehistro dito

2. Dumalo sa virtual na oras ng opisina kasama ng staff ng EJ Fund:
    a. Miyerkules, Hunyo 17, 12-1pm
        i. Sumali sa sesyon sa Zoom
    b. Miyerkules, Hulyo 8, 12-1pm
        i. Sumali sa sesyon sa Zoom

3. I-email sa amin ang inyong mga tanon sa equityenviro@seattle.gov

Para humiling ng interpretasyon o akomodasyon para sa mga sesyon ng impormasyon o mga oras ng opisina, mangyaring mag-email sa equityenviro@seattle.gov nang hindi bababa sa 3 araw ng negosyo bago sa sesyon na balak ninyong daluhan.